# Tumulong sa Pagpangalan ng Dalawang Bagong Parke!

Inaanyayahan ng Seattle Parks at Recreation (SPR) ang publiko na magsumite ng mga posibleng pangalan para sa mga parke sa mga kapitbahayan ng Rainier Valley at South Park. **Ang mga mungkahing mga pangalan ay nakatakdang dapat ibigay sa Park Naming Committee sa Biyernes, Mayo 31, 2024.**

Naghahanap kami ng mga pangalan para sa mga sumusunod na parke:

- **North Rainier Site:** Ang proyektong ito ay lilikha ng bagong parke ng kapitbahayan para sa komunidad ng North Rainier na may mga disenyong magaabot ng pagaakseso na alinsunod sa Americans with Disabilities Act (ADA).

Sarbey sa Pag-pangalan para sa North Rainier Park

- **Lugar ng South Park Plaza:** Ang 0.83-acre na lugar na matatagpuan sa kahabaan ng South Park River Walk ay magdudulot sa komunidad ng South Park ng akseso sa malawak na espasyo sa loob ng lugar ng lungsod na marami ang tao. Kasama sa disenyo ang isang bukas na damuhan, mga elementong panglaro, mga terasang may upuan, mga pagpapahusay ng anyo ng kapaligiran, at marami pa.

Sarbey para sa Pag-pangalan ng South Park Plaza

**Ang tungkol sa Komite ng Pagpangalan ng mga Parke at paano magsumite ng mga mungkahi**

Bibigyan-konsiderasyon ng Komite ng Pagpangalan ng mga Parke ang lahat ng mga mungkahi at magbibigay ng rekomendasyon sa SPR Superintendent AP Diaz, na gumawa ng pangwakasan na desisyon.

Mangyaring magsumite ng mga mungkahi para sa mga pangalan ng mga parke bago mag Biyernes, Mayo 31, 2024 at isama ang paliwanag

kung paano tumutugma ang inyong mungkahi sa mga pamantayan ng pagpapangalan. Ipadala sa Seattle Parks at Recreation, Parks Naming Committee, 100 Dexter Ave.N, Seattle, WA 98109, sa pamamagitan ng e-mail kay paula.hoff@seattle. gov, o online survey (North Rainier Park Name Survey South Park Plaza Park Name Survey).